{Tinanong si Anas kung papaano noon ang pagbigkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya nagsabi ito: "Ito noon ay pagpapahaba

Ayon kay Qatādah (kaawaan siya ni Allāh) na nagsabi: {Tinanong si Anas kung papaano noon ang pagbigkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya nagsabi ito: "Ito noon ay pagpapahaba." Pagkatapos bumigkas siya (Qur'ān 1:1): "Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain)." Nagpapahaba siya sa: "Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh)," nagpapahaba siya sa: "-rraḥmāni -rraḥīm ([ang] Napakamaawain, ang Maawain)," at nagpapahaba siya sa: "-rraḥīm ([ang] Maawain)."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Tinanong si Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) kung papaano noon ang pagbigkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng Qur'ān. Kaya nagsabi siya: "Siya noon ay nagpapahaba ng tinig niya sa pagbigkas sa isang pagpapahabang pinahahaba ang LA na bago ng H ng pangalang Allāh, pinahahaba ang MA na bago ng N ng RaḥMĀN, at pinahahaba ang ḤI ng RaḤĪm."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65245